



Mahal naming Magulang/Tagapag-alaga:

Nagagalak kami na kayo at ang pamilya ninyo ay mga miyembro ng ating sari-saring komunidad, kung saan ginagamit na ngayon ang mahigit isandaang iba-ibang lengguwahe. Nangangako ang mga Pamublikong Paaralan ng Prince William County na bibigyan ang bawat estudyante ng *Primera-Klaseng Edukasyon*. Dahil ang pakikipagtulungan ng pamilya ay mahalaga sa prosesong ito, ikinagagalak naming ialok ang ilang mahalagang impormasyon upang tulungan ang bawat magulang at tagapag-alaga na maintindihan ang, at makasama sa, edukasyon ng kanilang anak.

Lahat ng materyales ng paaralan ay ibinibigay sa Ingles; gayunpaman, patuloy naming isinasalin ang mahahalagang dokumento at impormasyon sa pinakamadalas hilinging lengguwahe sa ating lugar.

Ang mga gumagamit ng karamihan ng mga wika ay maaaring makinabang sa importante at palagiang naisasapanahong impormasyon sa kapwa Web site ng mga Pamublikong Paaralan ng County—pwcs.edu—at sa mga indibiduwal na lugar ng paaralan. Lahat ay naglalaman ng malaking Google Translation tool, na nag-aalok ng limitadong pagsasalin sa higit sa 50 lengguwahe. Ang mga pagsasalin ng computer ay madalas na hindi perpekto, ngunit nakapagbibigay pa rin ang mga ito ng mahahalagang link sa impormasyon ng paaralan. Kung wala kayong magagamit na computer sa bahay, maaari ninyong gamitin ang mga nasa alinmang pamublikong library.

Pinakamahalaga, ang Sangay ng Paaralan ay nagbibigay ng access sa mga propesyonal na tagapagsalin upang tulungan ang mga gumagamit ng karamihan ng kahit anong lengguwahe na maintindihan ang mga dokumentong naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng estudyante at magulang, at iba pang mga isyu na may kinalaman sa pag-aaral at sa mga benepisyo at serbisyong maaaring tanggapin ng mga estudyante. Makakatulong ang mga tagapagsalin sa mga kumperensiya ng magulang tungkol sa mga bagay na ito upang masiguro na naipaparating at naiintindihan ang kaisipan ng bawat isa. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay sa mga pamilya nang walang bayad.

DR. STEVEN L. WALTS
Superintendent of Schools

Gamitin ang alinman sa mga paraang ito kapag kailangan ninyo ng partikular na tulong.

- Online—pumunta sa translations.pwcs.edu
- Personal—puntahan ninyo ang paaralan ng inyong anak. Maaaring walang gumagamit ng inyong lengguwahe. Gayunpaman gagamit ang empleyado ng poster na makakatulong sa inyo.

Sa lahat ng kaso, hihingin sa inyo ang sumusunod:

- Ang inyong pangalan at ang pangalan ng inyong anak;
- Ang paaralan ng inyong anak, ang kanyang antas ng baitang, at ang pangalan ng kanyang guro;
- Ang indibiduwal (kanyang pangalan o trabaho) na gusto ninyong kausapin, at ang paksang pag-uusapan; at
- Ang numero ng telepono at oras na maaari kayong tawagan.

Kung mayroong iuuwi ang inyong anak na mensahe mula sa paaralan na humihiling ng pagpupulong; o kung nais ninyong ayusin ang pag-uusap ninyo ng isang guro o iba pang opisyal ng paaralan, gamitin ang mga paraan sa itaas at humingi ng tagapagsalin na tutulong sa mahahalagang pag-uusap na ito. Mayroong tatawag sa inyo sa lalong madaling panahon.

Malaki ang magagawa ng inyong pakikipagtulungan sa edukasyon ng inyong anak, at nasasabik kaming tumulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyong ito sa inyo. Umaasa kami na malinaw na naipaparating ng sulat na ito ang pangako ng mga Pamublikong Paaralan ng Prince William County sa inyong anak at sa inyo. Naniniwala ako na tulad namin, gusto n'yo ring makatanggap ang bawat estudyante ng Primera-Klaseng Edukasyon.

Taos-puso,



Dr. Steven Walts
Superintendente ng mga Paaralan

*Kapag pinupuntahan ang pwcs.edu, hanapin ang makulay na globo upang mahanap ang mga pahina na naglalaman ng mga impormasyon na inilarawan sa mensaheng ito.

